

Isang pagsusuri sa pagpapahalagang moral na nakapaloob sa mga akdang Waray ng mga mag-aaral ng Leyte at Samar

De Mesa, Alvin Rom ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Received: 1 August 2022

Available Online: 20 October 2022

Revised: 15 September 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b025

Accepted: 4 October 2022

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The young Filipino students today are in the 21st Century or millennials whose thoughts are highly dependent on new technologies that cause them to change their behavior, outlook, and beliefs in life (Hamston, 2010). Further, the Filipinos that have the moral value of each individual are also affected. Moreover, the researcher believes that even if the moral value possessed by each student cannot be seen in their actions or speech, it can be seen in their written works. Because of their challenging thinking, it will be reflected in their writings if they still have the morals that should be valued as Filipinos in their hearts and minds. Nonetheless, this study can also be considered different than other studies related to the analysis of the content of each text. This study is unique because the collected works were originally created by the students themselves who were not writers. In addition, this study is a way to know the ability of Waray youth to write in their own language. If so, they will be able to contribute to the expansion of Waray Literature. Through a checklist made by the researcher, the researcher, and the three (3) validators analyzed the content of each Waray work written by the students. This study found out, the moral values were a concern, honesty, love, environmentalism, faith or godliness, decency, assertiveness, responsibility, patriotism, and humanitarianism, it was discovered in the analysis that the students rarely mentioned their written works.

Keywords: moral appreciation, content analysis, qualitative research, checklist, Waray literature

Isang pagsusuri sa pagpapahalagang moral na nakapaloob sa mga akdang Waray ng mga mag-aaral ng Leyte at Samar

1. Introduksiyon

Ang panitikan ay larawan ng isang kultura ng bawat komunidad, bayan, lalawigan, o bansa. Sinasalamin o nilalarawan nito ang uri ng pamumuhay, paniniwala, at pananampalataya ng bawat nilalang sa mundo. Binibigyan nito ng sariling pagkakakilanlan ang bawat tao na nagpapatunay o nagpapatotoo ng kanyang buhay, pagkatao, at pinanggalingan. Masasalamin din dito ang kinamulatan/kinamumulatan na kalagayan sa pang-araw-araw na buhay ng bawat indibidwal gaya ng mga nakakasalamuha, naririnig at nakikita sa radyo at telebisyon kung saan naikikintal sa isipan ng bawat miyembro ng komunidad ang natatanggap na mga impormasyon. Dito nabubuo ang kamalayan at pag-iisip ng bawat mag-aaral na itinuturing ng mga matatanda na pag-asa ng bayan (Gonzales, 2018).

Dagdag pa rito, ang panitikan ay maihahalintulad sa pag-ibig at kaligayahan na napakahirap ipaliwanag, kung hindi man, sadyang makulay. Katulad ng pag-ibig at kaligayahan, ang panitikan ay nagpapayaman ng kaisipan, nagdaragdag ng mga karanasan, nagpapalalim ng pagkaunawa, at nagiging batayan ng katalinuhang mapagkukunan ng lakas ng loob at inspirasyon na kakailanganin sa pagharap ng bawat tao sa buhay na kaniyang tinatahak. Pahabol pa ni Baoc (2014), nagbibigay ang panitikan ng inspirasyon sa bawat mambabasa dahil naiugnay nila ito sa kanilang totoong buhay. Nagsasalaysay din ito tungkol sa buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdamin tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, sindak at pangamba. Isa rin itong mahalagang panlunas na tumutulong sa tao upang makapagplano nang maayos sa kanyang buhay ng bawat tao upang matugunan ang mga suliranin at maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao. Maaaring mawala o maubos ang kayamanan ng isang tao at maging ang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan.

Sa loob ng tahimik na imahinasyon ng bawat manunulat umiikot ang panibagong sanga ng buhay at ang iba pang sanga ng realidad. Patunay pa ni Santos (2013), sa pagbabasa ng mga pampanitkang akda ay nakapagdudulot ng kalinawan at kagaanang loob sa bawat isa. Sapagkat, ang panitikan ay nailalahad ang kanya-kanyang sariling pananaw at damdamin ukol sa mga bagay na natutuhan at nararanasan sa buhay. Ayon pa kay Lora (2008), sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan, likas na sa mga tao ang maging mapanuri. Ang tao ay mausisa at mapag-isip, kalikasan na ng tao ang magtanong, umunawa at upang makapagbigay ng konklusyon kaugnay sa mga bagay na gusto at ayaw ng tao. Sa iba't ibang panitikang ginagamit ng bawat rehiyon sa Pilipinas, iba't ibang wika o lingwahe din ang ginagamit bilang pagkilala sa kultura. Dahil dito, sinasabing sariling wika ang kumikilala sa kulturang kinabibilangan ng bawat isa, subalit isa ang panitikang Waray ang unti-unting humihina o nawawala sa sirkulasyon ng mga kaliwa't kanan na pamamayagpag ng panitikan ng nakararaming rehiyon sa buong Pilipinas (Ocampo at Sadia, 2017).

Sa isang panayam na idinaos tungkol sa kalagayan ng panitikang Waray na pinangunahan ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UmPil) sa layuning muling ibangon ang iba't ibang panitikan sa bawat rehiyon, naibahagi ni Bagulaya (isang propesor), sa paksang "Laughing at the World: Waray Literature's Struggle for Existence" na ang salitang Waray ay literal na nangangahulugang "wala" at maaaring isalin bilang "panitikang wala." Dagdag pa niya, ang literatura ay hindi iiral kung walang magtataguyod nito at magpapahalaga nito sa isang komunidad na nabibilang dito. Kung gayon, pinaniniwalaan na bibihira lamang makikita at mababasa ang panitikang Waray sa mga bahay-aklatan sa iba-ibang paaralan o mga aklat na ginagamit sa paaralan at mga pampublikong bahay-aklatan.

Sa pagkakataong ito, ang pananaliksik na ginawa ay katuwang upang mapausbong at mapayaman ang panitikang Waray hindi lamang sa Rehiyon 8 maging sa buong Pilipinas. Maituturing na natatangi ang pag-aaral

na ito sa dahilang tanging mga naisulat ng mga batang manunulat ang pinag-ukulan ng pansin upang mabatid ang pagpapahalagang moral na taglay sa isipan ng mga mag-aaral batay sa mga akdang kanilang naisulat. Marami nang pag-aaral na ginawa hinggil sa pagsusuri sa iba't ibang akdang pampanitikan, subalit ang mga nagwagi ng gantimpala at mga kilalang mga manunulat na may-akda ang mga sinuri. Sa pag-aaral na ito, tanging ang mga naisulat ng mga mag-aaral ang binigyang-pansin kung saan sinuri ang mga akda kung nagtataglay ng iba't ibang Pagpapahalagang Moral dahil sila ang mga itinuturing na mga millennial na henerasyon.

Dagdag pa rito, sinasabi na ang mga tao ng Leyte, Samar, at Biliran na ang pangunahing wika ay Waray ay bibihira lamang kakikitaan ng mga akdang pampanitikagn Waray (Kalatas, 2013). Paliwanag pa niya, hindi raw maituturing na “panitikang wala” ang Waray dahil mayroon din namang mga naisulat na tula na mga akdang Waray. Ilang mga patunay dito ay ang mga antolohiya ng tulang gaya ng “Waray Literature: An Anthology of Leyte-Samar Writings” ni Luangco at “Tinipigan: An Anthology of Waray Literature” ni Sugbo. Binigyang diin naman ng ilang kritiko na bagamat salat sa mga akdang Waray, hindi nangangahulugang wala nang magagaling o marunong sumulat ng mga akdang Waray (Kalatas, 2013). Nariyan ang mga sinusulat ng mga ordinaryong mamamayan gaya ng mga taong kabilang sa komunidad.

Dahil napatunayang kakaunti lamang ang mga akdang manunulat sa Waray kung kaya naisipan ng mananaliksik na nangangailangan ng ibayo pang pag-aaral sa iba't ibang akda na nakasulat sa wikang Waray. Napag-alaman din na mahalagang isaalang-alang ang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa bawat akdang pampanitikan upang matukoy ang pagpapahalaga sa moralidad ng bawat manunulat na mag-aaral. Sa pangangalap ng mga akdang nakasulat sa wikang Waray, napag-alamang mayroong mga paaralan sa hayskul ang nagsasagawa ng paligsahan sa pagsulat ng akdang Waray. Kaya naman, pinagtuunan ng pansin sa pag-aaral na ito ang mga akdang isinulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na matatagpuan sa Leyte at Samar.

Napatunayan sa iba't ibang literatura na salat sa mga akdang pampanitikang Waray ang Rehiyon VIII kung saan pinatotohanan ito ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Sa pagkalap ng mga impormasyon hinggil sa mga Panitikang Waray, napag-alaman ng mananaliksik ang iba't ibang pagsulat ng mga akdang Waray sa tuwing nagdiriwang ng Buwan ng Wika. Dahil dito, sinikap ng mananaliksik na likumin at suriin ang mga naisulat na mga akda ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na matatagpuan sa Leyte at Samar kung anong pagpapahalagang moral (moral values) ang nakapaloob sa bawat akdang naisulat ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa bawat akdang Waray kung anong pagpapahalagang moral ang nakapaloob, maipapakilala ng mananaliksik sa mga Waray at sa buong Pilipinas na sa kabila ng kasalatan o kakulangan ng Panitikang Waray, mapatutunayan na hindi ito salat sa mga ordinaryong Waraynon, hindi nga lamang nailathala sa mga kilalang aklat bagkus ito ay nakatago lamang sa mga aparador ng opisina ng Departamento ng Filipino sa bawat paaralan. Dagdag pa rito, natukoy din ng mananaliksik ang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa bawat akdang Waray na gawa ng mga mag-aaral.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang iba't ibang akdang pampanitikang Waray na naisulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na matatagpuan sa Leyte at Samar mula sa mga isinagawang paligsahan sa pagsulat ng iba't ibang akdang Waray na ginawa sa Buwan ng Wika. Narito ang sumusunod na suliranin: 1. Ano-ano ang mga akdang Waray na orihinal na naisulat ng mga mag-aaral? 2. Anong tseklist na nagtataglay ng mga pagpapahalagang moral ang nabuo na nagamit sa pagsuri ng bawat akdang waray na naisulat ng mga mag-aaral? At, 3. Anong pagpapahalagang moral ang nakapaloob sa bawat akdang Waray na naisulat ng mga mag-aaral?

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa teoryang moralistiko na ang layunin ng panitikan ay ilahad ang iba't ibang pamantayang sumusukat sa moralidad ng isang tao, ang pamantayan ng tama at mali. Inilahad din nito ang mga pilosopiya o proposisyong nagsasaad sa pagkatama o kamalian ng isang kilos o ugali ayon sa pamantayang itinakda ng lipunan. Sa madaling sabi, ang moralidad ay napagkakasunduan ayon na rin sa kaantasan nito (Kalatas, 2013). Samakatuwid, ang moralidad ay ayon na rin sa kaantasan nito. Ang aral na pinahahalagahan sa mga akda ay nasa larangan ng moralidad ng kilos at gawi sa pang-araw-araw na buhay ng tao bilang isang mamamayan o kasapi ng komunidad.

Sa paniniwala ni Lacsamana (2003), ang teoryang moralistiko ay nagpapatibay na ang dignidad at halaga ng mga tao batay sa kakayahang makilala ang tama at mali na naaayon sa pang-unibersal na mga katangian ng tao. Kung saan, ang isang nilalang na naiiba sa mga hayop sa pagkakaroon din ng pamantayang etikal. Siya'y isang nilalang na malaya, na bagama't may mga udyok na mabababa at makasarili ay may pananagutan namang ilagay ang mga pagkahilig na ito, kung nais din lamang pagbutihin ang likas na katauhan ay dapat tingnan ang ilalim ng kapangyarihan ng katwiran. Sa kabuuan, masasabing mahalagang talakayin sa bawat akda ang pagpapahalagang moral gaya ng pagmamalasakit, pagmamahal, paninindigan, katapatan, maka-Diyos, makatao, makabayan, makakalikasan, responsable at makatao.

2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamaraang *Descriptive Qualitative Research* sa layuning masuri ang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa iba't ibang akdang pampanitikang Waray na naisulat ng mga mag-aaral mula sa Leyte at Samar. Upang mailahad ang pananaliksik na ito sa pagpapahayag na paraan batay sa resulta ng ginawang pagsuri sa mga akdang pampanitikang Waray, nailarawan ang lahat ng detalye na nakita sa pamamagitan ng pagsusuri ng bawat akdang naisulat ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ginamit ang disenyong ito upang mailarawan din ang mga katangian ng bawat akdang pampanitikang Waray ng mga naisulat ng mga mag-aaral. Ginamit din sa pag-aaral na ito ang pagsusuring pangnilalaman na gumamit ng sistematikong pag-uuri-uri at pagsusuri sa nilalaman ng teksto.

Naniniwala si Bernales (2007) na isa itong pamaraan ng pag-aaral sa pasusuri ng akdang pampanitikan sa nilalaman nito kaugnay sa isinasaad ng mga baryabol. Ang pagsuri sa mga pagpapahalagang moral sa bawat akdang pampanitikang Waray ay naging batayan sa paghimay ng nilalaman. Ang mga sumusunod ay itinuturing na uri ng mga pagpapahalagang moral gaya ng Pagmamalasakit, Pagmamahal, Maka-Diyos, Makabayan, Paninindigan, Katapatan, Makakalikasan, Kagandahang asal, Responsable, at Makatao. Sa pamamagitan ng isinagawa ng mananaliksik, natukoy kung ang mga akdang Waray na naisulat ng mag-aaral ay nagtataglay ng mga nabanggit na baryabol at mga uri nito.

Tuwing buwan ng Agosto ay ipinagdiriwang ng mga paaralan sa Samar at Leyte maging sa iba't ibang panig ng Pilipinas ang Buwan ng Wika. Kasabay nito ang pagkakaroon ng paligsahan sa pagsulat ng mga akdang pampanitikang Waray na kasangkot ang mga mag-aaral. Dahil ang mananaliksik ay isang Direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) na direktang pinamamahalaan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), naisipan niyang saliksikin ang mga naisulat ng mga mag-aaral sa kanilang sariling wika, ito ang wikang Waray. Ito ay alinsunod sa ipinapatupad ng KWF hinggil sa pag-aalaga ng mga kultura sa bawat rehiyon. Kaya naman, bilang Direktor ng SWK, minabuti niyang saliksikin ang mga hindi pinapansin na mga naisulat na akda ng mga mag-aaral na ang laman ng kanilang puso't isipan ay naililipat nila sa kanilang mga naisulat na akda kung saan binigyang-tuon ng mananaliksik ang pagpapahalagang moral.

Sa pagsisimula, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Punongguro at sa Departamento ng Filipino ng mga kasangkot na paaralan upang mangalap ng mga akdang naisulat ng mga mag-aaral. Sa pagbigay ng pahintulot, nalikom ang mga akdang pampanitikang Waray na isinulat ng mga mag-aaral at sinimulang isagawa ang pagsusuri sa mga akda.

Nakalikom ng tigilimang (5) *Siday* o Tula, *Halipot na Istorya* o Maikling Kuwento at *Halipot nga Sinurat* o Sanaysay ang mananaliksik na pinaniniwalaan niyang maayos at wasto ang pagkakabuo. Para makatiyak sa mga salitang Waray na ginamit sa mga naturang akda, pinabasa sa mga Waraynon ang akda na ang edad ay mula limampu (50) pataas dahil naniniwala ang mananaliksik at sa payo na rin ng kapuwa guro sa Filipino, sila ang nararapat na pasuriin sa mga salita at talasalitaan sa mga salita sa Waray. Napag-alaman mula sa mga Waraynon, na walang istandard daw na salita sa Waray. Dagdag pa nila, bawat lugar, kahit na magkadikit pa ito ay kakikitaan ng kaibahan sa paggamit ng salita. Kaya naman, may ilang mga salita ang pinalitan at karamihan ay napanatili.

Pagsusuri sa pagpapahalagang moral na nakapaloob sa mga akdang Waray ng mga mag-aaral ng Leyte at Samar

Sa pag-*validate* ng mga akdang naisulat, isinagawa ang Focused Group Discussion (FGD) kung saan nakapanayam ng mananaliksik ang mga mag-aaral na sumulat ng iba't ibang akdang Waray. Tinipon silang lahat upang marinig nang sabay-sabay ang kanilang kasagutan maliban na lamang sa pag-usisa na pang-isahan lamang. Napag-alaman na marami sa kanila ay giliw na giliw sa pagsusulat dahil sariling wika nila ang ginamit kung kaya madali raw nilang naisip kung ano ang gusto nilang sabihin sa akda. Patunay lamang ito na kailangan talagang pahalagahan ang unang wika.

Kasunod ng pagpapasuri ng mga salita, sinuri na ng mananaliksik ang nilalaman ng mga naisulat na akdang Waray ng mga mag-aaral. Gumawa muna ang mananaliksik ng *tseklis* upang magkaroon ng batayan sa pagsuri ang mananaliksik, upang matiyak na tumpak ang ginawa ng mananaliksik sa kanyang nabuong tseklis, ibinatay ibinatay niya ito sa isinagawang pag-aaral nina Gonzales (2018), Cabelin (2011), at Rojas (2009). Sa pinal na tseklis, dumaan sa *dry-run* kung saan ginamit ng mga Filipino meyor at ng mga mag-aaral ng Master of Arts in Teaching Filipino (MAT Filipino) ang naturang tseklis sa isinagawa nilang pagsusuri sa mga akda na kailangang awtput sa kanilang asignatura. Lumabas sa kanilang mungkahi o suhestiyon na alisin o tanggalin ang ibang tuon ng pagpapahalagang moral hanggang sa mabuo ang sampung pagpapahalagang moral. Makikita sa ibaba ang nabuong tseklis na ginamit bilang batayan sa pagsuri ng mga akdang nagtataglay ng mga pagpapahalagang moral.

Tseklis sa Pagsusuri ng mga Akdang Waray

MGA AKDA	PAGPAPAHALAGANG MORAL									
	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
Siday (Tula)										
Halipot nga Istorya (Maikling Kuwento)										
Halipot nga Sinurat (Sanaysay)										
<i>Leyenda:</i>										
1 – Pagmamalasakit	2 – Pagmamahal	3 – Maka-Diyos	4 – Paninindigan	5 – Makabayan						
6 – Katapatan	7 – Makakalikahan	8 – Kagandahang-asal	9 – Responsable	10 – Makatao						

tseklis na nasa itaas ay ginamit sa pagsuri ng mga akdang isinulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na nakalap mula sa iba't ibang paaralan. Binubuo ng sampung (10) batayang pagpapahalagang moral ang laman ng tseklis at ito at batay na rin sa nakalap na mga impormasyon mula sa iba't ibang literatura. Dagdag pa rito, sinikap ng mananaliksik na dumaan sa *dry-run* na ginamit ng mga Filipino meyor sa pagsuri ng mga akdang pampanitikan gayundin sa mga gurong mag-aaral sa Master of Arts in Teaching Filipino (MAT Filipino).

Maraming naitalang mga pagpapahalagang moral subalit mas pinaboran ng mga Filipino meyor at mga mag-aaral sa MAT Filipino ang sampung (10) pagpapahalagang moral dahil madalas raw ang mga ito na binibigyang-halaga sa pagtuturo. Batay sa pagsuri sa mga akdang nakalap ng mananaliksik na naisulat ng mag-aaral ay nabigyang kasagutan ang mga suliranin gaya ng pagpapahalagang moral na nakapaloob sa bawat akdang naisulat ng mga mag-aaral. Para matiyak ang kawastuhan sa pagsusuri muli itong pinasuri sa mga piling guro sa Filipino at sa mga gurong mag-aaral sa masteral ng mananaliksik. Lahat ng mga suhestiyon, gaya ng paglalagay ng salin sa Filipino sa mga pangungusap at talata na ginawan ng *synopsis* upang mapatotohanan na ang akda ay naglalaman ng pagpapahalagang moral ay sinunod ng mananaliksik.

Sa ganitong paraan, nakatulong nang Malaki ang suhestiyon ng mga guro upang mas lalong maging *valid* at *reliable* ang ginawang pagsusuri. Naging madali at magaan ang daloy ng pagsusuri dahil sa mga puna ng mga *validator* at pagwasto ng mananaliksik.

Konsiderasyong Etikal - Isinaalang-alang ang *consent letter* sa pag-aaral na ito upang maipaalam sa mga kalahok na mga mag-aaral na ang kanilang nabuong mga akda ay gagamitin sa pananaliksik kung saan nilinaw na ang lahat ng mga nasulat nilang akda ay mananatiling pag-aari nila subalit ang mga natuklasan sa pagsusuri kaugnay sa mga pagpapahalagang moral ay mananatili sa mananaliksik at kung mangailangan ang mga guro na nagtuturo ng Panitikan ay pahihintulutan silang gamitin ang kanilang naisulat na akda at ang natuklasang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa kanilang mga akda. Dagdag pa, ang mga guro at mga magulang ng

mga mag-aaral na nagmamay-ari ng mga akda ay binigyan din ng liham upang humingi sa kanila ng pahintulot dahil wala pa sa hustong gulang ang mga mag-aaral.

Kaugnay rito, maingat na tinipon ng mananaliksik ang mga akda ng mga mag-aaral kung saan sinubukan itong gamitin sa Ugnayang Pampamayanan (UP) ng Departamento ng Filipino at Paaralang Gradwado. Pagkatapos makuha ang *feedback* ng mga batang rehistrado sa UP gayundin ng kanilang mga magulang hihingi muli ng pahintulot ang mananaliksik sa mga mag-aaral na nagmamay-ari ng mga akda gayundin s akanilang mga guro at mga magulang upang maingat ang mga akda.

3. Resulta at Pagtalakay

Inilarawan at tinalakay ang kinalabasan ng isinagawang pagsusuri sa mga akdang naisulat ng mga mag-aaral kaugnay sa mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa bawat akda. Sa unang paglalarawan at pagtalakay ay nakatuon sa mga akdang Waray na orihinal na naisulat ng mga mag-aaral. Ikalawa, ang tseklist na nagtataglay ng mga pagpapahalagang moral na nabuo kung saan ginamit sa pagsuri ng bawat akdang waray na naisulat ng mga mag-aaral. At, ikatlo, mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa bawat akdang Waray na naisulat ng mga mag-aaral.

3.1 Mga akdang Waray na orihinal na naisulat ng mga mag-aaral

Matutunghayan sa mga sumusunod na Talahanayan ang mga Akdang Waray na sinuri at binigyang paliwanag batay sa resulta ng isinagawang pagsuri ng mananaliksik.

Talahanayan 1

Mga Akdang Waray na Nalikom

MGA AKDA	MGA PAARALAN						KABUUAN
	P1	P2	P3	P4	P5	P6	
Siday (Tula)	1		1	1	1	1	5
Halipot nga Istorya (Maikling Kuwento)	1	1	1	1		1	5
Halipot nga Sinurat (Sanaysay)	1	1		1	1	1	5
KABUUAN	3	2	2	3	2	3	15

Leyenda:

P1 – Sagkahan National High School (Leyte)

P2 – Palo National High School (Leyte)

P3 – Sta. Rita National High School (Samar)

P4 – Basey National High School (Samar)

P5 – Marabut National High School (Samar)

P6 – Bagacay National High School (Samar)

Ipinapakita sa Talahanayan 1, ang mga Akdang Waray na Nalikom mula sa Leyte at Samar. Maraming paaralan sa hayksul sa dalawang lalawigan subalit pinili ng mananaliksik ang anim (6) na paaralan dahil sila lamang ang mayroong mga akdang naisulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na mga akdang Waray

3.2 Nabuong tseklist na ginamit bilang batayan sa pagsuri ng mga akdang nagtataglay ng mga pagpapahalagang moral

Inilarawan sa Talahanayan 2 ang tseklist na ginamit sa pagsuri ng mga akdang isinulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na nakalap mula sa iba't ibang paaralan. Binubuo ng sampung (10) batayang pagpapahalagang moral ang laman ng tseklist at ito at batay na rin sa nakalap na mga impormasyon mula sa iba't ibang literatura. Dagdag pa rito, sinikap ng mananaliksik na dumaan sa dry-run na ginamit ng mga Filipino meyor sa pagsuri ng mga akdang pampanitikan gayundin sa mga gurong mag-aaral sa Master of Arts in Teaching Filipino (MAT Filipino).

Maraming naitalang mga pagpapahalagang moral subalit mas pinaboran ng mga Filipino meyor at mga mag-aaral sa MAT Filipino ang sampung (10) pagpapahalagang moral dahil madalas raw ang mga ito na binibigyang-halaga sa pagtuturo.

Talahanayan 2

Tseklist sa Pagsusuri ng mga Akdang Waray

MGA AKDA	PAGPAPAHALAGANG MORAL									
	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
Siday (Tula)										
Halipot nga Istorya (Maikling Kuwento)										
Halipot nga Sinurat (Sanaysay)										
<i>Leyenda:</i>										
1 – Pagmamalasakit	2 – Pagmamahal	3 – Maka-Diyos	4 – Paninindigan	5 – Makabayan						
6 – Katapatan	7 – Makakalikasan	8 – Kagandahang-asal	9 – Responsable	10 – Makatao						

3.3 Mga Pagpapahalagang Moral na taglay ng Iba't ibang Akdang Waray

Sa Talahanayan 3, makikita ang mga Pagpapahalagang Moral na nakapaloob sa Siday o Tula.

Talahanayan 3.1

Mga Pagpapahalagang Moral na Nakapaloob sa Siday (Tula)

MGA AKDA	PAGPAPAHALAGANG MORAL									
	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
Sandalan han aton kinabuhi										
Kinabuhi										
Pamilya ha balay										
Ambisyon										
Mga Kasangkayan										
<i>Leyenda:</i>										
1 – Pagmamalasakit	2 – Pagmamahal	3 – Maka-Diyos	4 – Paninindigan	5 – Makabayan						
6 – Katapatan	7 – Makakalikasan	8 – Kagandahang-asal	9 – Responsable	10 – Makatao						

Ang unang akda na naisulat ng mga mag-aaral ay pinamagatang *Sandalan han aton kinabuhi (Sandalan ng ating Buhay)* ito ay tungkol sa kung sapat na nga ba ang pamilya o mga kaibigan upang masolusyunan ang mga problema na dinadala ng isang tao. Makikita sa ikalawang sagnong ang *pagmamahal* na ipinapakita ng may akda sa mga tao na nagpapaalala o nagpapakita kung saan madalas lumapit at humingi ng tulong ang mga taong may problema sa oras ng kahirapan.

Orihinal na Akda
 Akon gin hihigugma nga sangkay
 Karuyag ko nga imo mahibaruan
 An aton gin dadaupan
 Oras han kakurian.

Salin sa Filipino
 Mga minamahal kong kaibigan
 Gusto ko na inyong malaman
 Na siya ang ating sandalan
 Sa panahon ng kagipitan

Sa ikalawang pagpapahalagang moral na nakapaloob ay ang pagkamaka-Diyos ito ay pagpapakita na kung paano pinupuri ang Diyos para sa lahat ng kanyang ibinibigay na pagmamahal at paggabay upang makayanang harapin ang mga hamon at pagsubok dahil ang Diyos ang tunay na sandalan ng mga taong may pananalig sa Kanya. Makikita sa ikaapat na bahagi ng sagnong ang pahayag na nagpapakita ng *pagkamaka-Diyos*:

Orihinal na Akda
 Hiya an aton ginoo
 Han una tikang yana
 Deri ka papabay'an
 Labi pa kun maaram hiya nga imo kinahanglan.

Salin sa Filipino
 Siya ang ating panginoon
 Noon at hanggang ngayon
 Hinding-hindi ka niya iiwan
 Lalo na kapag alam niya na siya'y iyong kailangan

Ang ikalawang akda na naisulat ay pinamagatang *Kinabuhi (Buhay)*, ito naman ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa buhay at nais ipahiwatig na ang buhay ay mahalaga at sikaping hindi mawala sa isipan ang sakripisyo ng mga magulang sa pag-aaruga upang mabuhay. Narito ang pagpapatunay na pahayag na makikita sa unang sagnong ng tula na tungkol sa *pagmamalasakit*:

Orihinal na Akda
An kinabuhi han tawo kay importante
Paniguro kita na deri mawara
An pagkukuri han aton pamilya
Ha adlaw-adlaw na pagbantay ha imo.

Salin sa Filipino
Buhay ng tao ay mahalaga
Kaya sikaping hindi mawala
Ang sakripisyo ng iyong pamilya
Na araw-araw inalagaan ka.

Magsumikap na makagawa nang mabuti at hindi kasamaan upang sa ganoon ay hindi magsisi sa huli. Maaaring hindi perpekto ang mga tao ngunit hindi naman siguro ganoon kahirap upang hindi mapansin o makita ang naaayon na gawin at kung ano ang hindi. Narito ang dalawang pahayag na makikita sa ikalawa at ikatlong sakhong ang pagpapahalagang moral tungkol sa *kagandahang-asal*:

Orihinal na Akda
Paniguro nga makahimo hin maupay
Para ha katapusan deri magbasul
Ha imo pagpili ha asya ngan sayop.

Salin sa Filipino
. Sikapin mong gumawa nang mabuti
Para sa huli hindi ka magsisi
At sa iyong pagpili sa anong tama at mali

Ayaw pagpatay kay hinuram la naton
An aton kinabuhi
Paniguro na deri mabutang ha
Masamok nga sitwasyon.

Huwag kang papatay
Dahil hiram la'ng ang ating buhay
Kaya sikaping hindi malagay
Sa gulo man o away

Tungkol naman sa *Pamilya ha Balay (Pamilya sa Bahay)* dito ay makikita kung paano nagtutulungan at nagmamahalan ang pamilya sa loob ng kanilang tahanan at pagbibigay ng *kagandahang-asal* sa bawat indibidwal.

Orihinal na Akda
Kami pinadako na maupay tas malipayon
Kay it amon pamilya nadiri nga may makalulouy
Ginbubuhat namon ito para hit amon pagdako
Ta's kami makapagtrabaho hin maupay.

Salin sa Filipino
. Kami'y pinalaki nang maayos at masaya
Dahil ang aming pamilya ayaw nang may kawawa
Ginagawa namin ito para sa aming paglaki
Nang kami ay makapagtrabaho nang mabuti.

Sa ikaapat na sakhong makikita ang *pagmamahal*, pag-didisiplina, at pagtutulungan ng pamilya na namukod tangi sa kanilang pamilya na nagpapakita ng magandang kaugalian sa loob ng tahanan.

Sa *Ambisyon (Ambisyon)* na akda ay makikita ang paninindigan sa buhay na mayroon dahil nagpapakita ito ng motibasyon para sa isang pangarap na hindi pa man dumarating o naaabot ay kailangan na isipin ang pamilya para sa kanila ang ginagawa mo at 'di kalauna'y maaabot at matutulungan na ang mga magulang.

Orihinal na Akda
Bisan la makuri it kinabuhi
Basta gin huhuna-huna mo tim katalwason
Maaabot nimo ito imo hingyap ha kinabuhi
Ngan mabubuligan mo na tim kag-anak.

Salin sa Filipino
. Kahit na mahirap ang buhay
Basta't iniisip mo ang iyong tagumpay
Makakamit mo ang iyong pangarap sa buhay
At matutulungan mo pa ang iyong magulang.

Isang halimbawa ng pagiging matagumpay sa buhay dahil sa *pagmamahal* sa Diyos at dapat na hindi kalimutan ang panginoon dahil Siya ang magliligtas sa mga tao. Makikita sa ikatlong bahagi ng sakhong ang pahayag na nagpapatunay tungkol sa mensahe na himukin ang mga tao sa pananalig sa Diyos.

Orihinal na Akda
Ayaw kangalimti nga magpasalamat
Ha makagarahom kay hiya it imo kabulig
Ha tanan na imo kakurian nga naabot
Para ha pag-abot hit imo katalwasan

Salin sa Filipino
Huwag kalimutan magpasalamat
Sa Maykapal dahil Siya ang iyong karamay
Sa lahat ng kahirapan na darating
Para sa pagdating ng iyong kaligtasan

Sa ikatlong sakhong, ipinapahiwatig na sa pagkamit ng pangarap ng indibidwal ay hindi dapat kalimutan ang pagpasalamat sa Diyos o pagiging *Maka-Diyos* na siyang kaakibat ng kahirapan, naabot man o hindi ang pangarap, dapat ipagpatuloy ang magandang kaugalian na palaging nagpapasalamat sa Diyos para sa lahat ng kanyang tulong na ibinibigay.

Ang huling akdang naisulat ay pinamagatang *Mga kasangkayan (Mga Kaibigan)*, dito naman ay pagpapakita ng *kagandahang-asal* dahil iilan lamang ang mga kaibigan na marunong magpapahalaga sa buhay ng kanilang kaibigan kaya't napapayuhan nila ang mga ito sa kung ano ang magandang gawin kapag may problemang dinadala ang kanilang kaibigan. Narito ang isang pahayag na makikita sa unang saknong ng tula na nagpapatunay sa *kagandahang-asal* na taglay nito.

Orihinal na Akda
 Kaupay han akon mga kasangkayan
 Deri hira magbabasul nga ako tutduan
 Mga mag-upay nga hibaruan
 Nga ira gintugon

Salin sa Filipino
 Kay buti ng aking mga kaibigan
 Hindi sila nagsasawa na ako'y turuan
 Mga tamang leksyon
 Na kanilang itinugon.

Ang sunod na pagpapahalagang moral na nakapaloob ay tungkol sa *pagmamahal* sa kanyang mga kaibigan na pinapahalagahan niya ang dating relasyon na mayroon sila ng kanyang mga kaibigan na buo pa sila, masaya at kulitan na walang humpay na kailanman ay hindi niya makakalimutan kahit paman nagkalayo at nagkahiwa-hiwalay na ang mga ito. Makikita ang isang pahayag na nagpapakita ng pagmamahal sa kanyang mga kaibigan.

Orihinal na Akda
 Kamalipay ko kun
 Kaupod ko tak mga kasangkayan
 Ha kawarayan man ug karisyuhan
 Mga sunlogay ngan intrimis nga deri makakalimtan
 Karasa ig balik an mga hinumduman nga naglabay.

Salin sa Filipino
 Kay saya-saya ko kung
 kasama ko ang aking mga kaibigan
 Sa kapighatian man at maging sa kasiyahan
 Mga biruan at kulitan na hindi ko malilimutan
 Kay sarap balikan ang mga alaalang nagdaan.

Sa ikalimang saknong makikita ang pahayag na ito na ang ibig sabihin ng isang relasyon ng pagkakaibigan na dapat sa una pa lamang ay pinahalagahan na ito at hindi hinayaan na masira at hindi na magkahiwa-hiwalay pa.

Orihinal na Akda
 Kun ibalik man an dati nga panahon
 Hingyap ko nga ibalik an una nga relasyon
 An una nga magkasangkay
 Ngan deri napapabay-an nga magkaburublag pa.

Salin sa Filipino
 Kung ibalik man ang dating panahon
 Nais kung ibalik ang dating relasyon
 Ang dating magkakaibigan
 At hindi na hahayaang magkahiwa-hiwalay pa.

Batay sa kinalabasan sa pag-aaral makikita sa kabuuan ang mga pagpapahalagang moral na nagingibabaw sa bawat akdang naisulat ng mga mag-aaral. Una na rito ay ang **pagmamahal**, makikita na mas nangingibabaw ang uring ito ng pagpapahalagang moral na mapapansin sa apat na akda, ang nagtataglay nito ay ang akdang "Sandalan han kinabuhi (Sandalan ng Buhay)," "Pamilya ha balay (Pamilya sa Bahay)," "Ambisyon (Ambisyon)" at ang akdang "Mga kasangkayan (Mga Kaibigan)." Ang pangalawang nagingibabaw naman na uri ng pagpapahalagang moral ay tungkol sa **kagandahang-asal** dahil mapapansin dito sa tatlong akda ay nakakitaan ng uring ito ng pagpapahalagang moral, ito ay ang mga sumusunod "Kinabuhi (Buhay)," "Pamilya ha balay (Pamilya sa Bahay)," at ang mga "kasangkayan (Mga Kaibigan)." Ang sunod na mga pagpapahalagang moral ay halos tig-iisa na lamang ang nakita na nakapaloob sa bawat akda at ito ay ang uri ng pagpapahalagang moral na **pagkamaka-Diyos**, na nasa akdang "Sandalan han kinabuhi (Sandalan ng Buhay)" at **pagmamalasakit** na nakapaloob sa akdang "kinabuhi (Buhay)" at ang panghuli ay ang **paninindigan** na nasa akdang "Ambisyon (Ambisyon)."

Talahanayan 3.2

Mga Pagpapahalagang Moral na Nakapaloob sa Halipot na Istorya (Maikling Kuwento)

MGA AKDA	PAGPAPAHALAGANG MORAL									
	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
An Pamilya										
An Paghihigugma-ay ni Marcelo ngan Sasi										
Tadhana										
An Higugma ko nga Bantay										
An Bata ngan han iya Alaga										

Leyenda:

1 – Pagmamalasakit 2 – Pagmamahal 3 – Maka-Diyos 4 – Paninindigan 5 – Makabayan
6 – Katapatan 7 – Makakalikasan 8 – Kagandahang-asal 9 – Responsable 10 – Makatao

Inilarawan sa Talahanayan 3.2 ang mga Akdang Waray na Halipot na Istorya o Maikling Kuwento na sinuri at binigyang paliwanag batay sa resulta ng isinagawang pagsuri ng mananaliksik.

Ang unang akda na pinamagatang “An Pamilya (Ang Pamilya),” ito ay pagpapakita ng isang kaugalian na kahit mahirap ang buhay ay hindi hadlang ang kahirapan upang hindi makapagtapos sa pag-aaral, ito ay pagpapakita ng pagiging *responsable* sa buhay at isa sa pagpapatunay sa pagpapahalagang moral na nakapaloob ay ang isang pahayag na makikita sa ikalawang talata ng kwentong ito:

Orihinal na Akda
Nagin iskolar hi Ken pero singkuenta porsyento la an iban han iya tuition fee niya sanglit gutiay pa ini ngan hin para ha iya mga kagarastuson sanglit namiling hin paagi hi Ken para masulbar ini.

Salin sa Filipino
Si Ken ay naging iskolar ngunit limampung porsyento lamang ang bawas sa matrikula niya kaya’t kulang pa at hindi sapat. Kaya naghanap ng ibang paraan si Ken upang masuloyunan ito.

Dahil sa *pagmamahal* na nangingibabaw sa puso ni Ken ay sinikap niyang makapagtapos at maiahon sa kahirapan ang kanyang pamilya sa kabila ng paghihirap na natamo nito noong ito ay nag-aaral pa. Ito ay pagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit na taglay sa pagkatao ni Ken. Makikita sa ikaapat na talata ang pahayag na tumutukoy sa kanyang pagmamahal sa pamilya na unti-unti na niyang natutulungan at naiaahon sa kahirapan at maging ang kanyang mga kapatid ay kanya na ring natutustusan sa pag-aaral.

Orihinal na Akda
Waray magdugay usa na nga propesyon nga manurutdo hi Ken ha iya iniskwelahan ngan iya na nabubuligan hin maupay an iya pamilya ngan an iya kabugtuan iya na ini napapaeskwela.

Salin sa Filipino
Kalaunan naging isang propesyong guro na si Ken sa kanyang paaralan at natutulungan na rin niya ang kanyang pamilya at napapag-aral aral niya rin ang kanyang mga kapatid.

Isa pa sa mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa kuwentong ito ay ang pagiging *mapagmalasakit* sa kapwa na kahit hindi niya ganoon ka-obligasyon turuan ang mga batang hindi nakakapag-aral ay pinili niya parin na turuan ang mga ito dahil sa alam niya ang pakiramdam na maging mahirap at hindi kayang tustusan ang pag-aaral ng mga magulang. Makikita sa ikaapat na talata na nagpapakita ng pagiging mapagmalasakit sa ibang tao.

Orihinal na Akda
Damo na nga bata it iya gin tututduan ngan gin bubuligan nga pobre parehas ha iya han una nga na skwela pa hiya para ipasabot nga deri rason it kakurian para deri makagtapos pag-eskwela it usa nga tao.

Salin sa Filipino
Maraming bata rin ang kanyang tinutulungan na mahirap kagaya niya noon upang maipabatid sa mga mag-aaral na hindi hadlang ang kahirapan upang hindi makapagtapos ng pag-aaral.

Ang ikalawang akdang naisulat ay pinamagatang “An Paghihigugmaay ni Marcelo ngan Sasi (Ang Pag-iibigan nina Marcelo at Sasi),” dito makikita ang pag-iibigan ng dalawang tao na magkaiba ang estado sa buhay, ngunit ito’y hindi hadlang upang hindi ipagpatuloy ang kanilang pagmamahalan. Bagkus, kanila itong *Pinanindigan* at ipinagpatuloy kahit pa ayaw nito ng magulang ng babaeng mayaman. Sa ikalawang talata ay makikita ang pahayag na ipinagpatuloy ang kanilang relasyon kahit ayaw ng ama ni Sasi kay Marcelo dahil sa mahirap lamang ang katayuan nito sa buhay.

Orihinal na Akda
Usa ka adlaw nahibaro hi Marcelo nga deri na puydi pumasyda hi Sasi ha ira bukid kay tungod nga nakabaro an hadi han ira paghihigugmaay, gin maupay ni Marcelo ngan Sasi nga ig sekreto it ira pagkikita ngan ipapadayon an relasyon nga mayda hira.

Salin sa Filipino
Isang araw nalaman ni Marcelo na hindi na pweding mamasyal si Sasi sa kanilang bukid dahil nalaman ng hari ang lihim na pagmamahalan ng dalawa, minabuti ni Marcelo at Sasi na ilihim ang kanilang pagkikita at ipagpatuloy ang relasyon na mayroon sila.

Sa kabila ng paghihiwalay sa kanila ng mga magulang ni Sasi ay itinapon si Marcelo at muntikan nang humantong sa kamatayan ang kanyang buhay, ngunit dahil sa *kagandahang-asal* na mayroon ang hari sa palasyo o lugar na kanyang pinadparan ay tinulungan siya nito at pinakain, binihisan hanggang sa makabalik ito sa dati at

ang lakas ng kanyang pangangatawan. Sa ikatlong bahagi ng talata ng kwentong ito ay makikita ang isang pahayag na nagpapapakita ng pagpapahalagang moral na pagtulong sa kapwa.

Orihinal na Akda

Han tigawas ha kahadian an reyna nakit'an niya hi Marcelo, gin buligan dayon han hadi ngan iya mga alagad kahuman gin tambal ini nira ngan gin baduan ngan gin pakaon hin damo. Gin siguro han hadi nga makusog na hi Marcelo.

Salin sa Filipino

Nang papalabas na ang Reyna, bumungad sa kanyang paningin si Marcelo. Agad-agad namang tinulungan ng Reyna at mga kawal si Marcelo, ginamot at binihisan.

Ito ay isang kaugalian na nangingibabaw sa puso at isipan ninuman kapag tinamaan ng pag-ibig lahat ay tatahakin at gagawin masunod lamang ang tinitibok ng puso at damdamin. *Pagmamahal* ang nangingibabaw sa ginawa ng dalawang nagmamahalan sa kabila ng paghahadlang na ginawa sa kanila. Narito ang isang pahayag na makikita sa ikaapat o huling talata ng kuwento ang pagpapatuloy sa pagpapamahalan na naudlot.

Orihinal na Akda

Waray magdugay bumalik hi Marcelo ha kahadian nira sasi upod an nag-ampon ha iya ngan nagpakilala an Reyna ngadto han amay ni Sasi nga ira anak hi Marcelo, dayun naman ini tumugot magpakasal an duha.

Salin sa Filipino

Lumipas ang ilang araw naglakas loob si Marcelo na puntahan sa kaharian si Sasi at nang malaman ng ama ni Sasi ang isang Reyna at hari ang mga magulang ni Marcelo ay agad itong pumayag na ipakasal ang dalawa.

Mapapansin sa akdang pinamagatang "Tadhana (Tadhana)," ay nagpapakita na labis na *Pagmamahal* sa minamahal kahit na ilang taon o dekada na ang nakalipas ay nananatili pa rin itong tapat sa minamahal at patuloy na mamahalin ang taong kanyang mahal at patuloy na umaasa na baka sakaling muli siyang balikan at mahalín muli. Narito ang isang pahayag na makikita sa ikalawang talata na nagsasabi kahit ilang taon pa ang lumipas kung kayo talaga, kayo ay pagtatagpuin kahit nasaang sulok ng mundo, hahanapin kayo ng totoong pag-ibig, at ika nga nila, kung mahal ka babalikan ka at dahil mahal mo siya hihintayin mo ang kanyang pagbabalik kahit na wala kang kasiguraduhan na may hinihintay ka.

Orihinal na Akda

Bisan makuri para ha iya na karawaton magsisiguro hiya na maghulat, bisan pira ka tuig it maglabay bisan deri hiya sigurado kun may hurulton pa hiya.

Salin sa Filipino

Kahit na mahirap para sa kanya na tatanggapin at pagsisikapan niyang maghintay kahit ilang taon pa ang magdaan kahit hindi siya sigurado rito maghinhintay lang siya.

Kakikitaan rin ito ng pagpapahalagang moral tungkol sa *Pananampalataya* sa Diyos sa ikatlong talata dahil sa pahayag ukol sa nararapat lamang na kagawian ng isang tao, dahil ang Diyos ang siyang may kapangyarihan sa lahat ng bagay na nais matupad o mangyari sa buhay ng isang tao.

Orihinal na Akda

Maaram kamo ha kada adlaw nga nalabay, gin aampo ko ha langit na unta buwas aadi na hiya ha mga adlaw na magkaupod pa kami.

Salin sa Filipino

Alam niyo ba sa bawat araw na lumilipas palagi kong hinihiling sa langit na sana bukas nandito na Siya sa araw na kami ay magkasama.

Makikita sa ikalawang talata na ang pahayag na ito na sinulat ng may akda na mananatiling matatag at patuloy na mananalig sa Diyos ay inaasahan na sana bukas paggising niya ay nasa tabi na niya ang kanyang mahal at muli silang magkasama. Nangangarap at nag-aantay na baka sakali sila ang magkatuluyan, aantayin pa rin niya ito kahit pa ilang dekada ang lumipas hindi magsasawa o maiinip dahil tanging pag-ibig ang nangingibabaw sa kanyang puso at isipan na kahit kailan wala siyang ibang inibig o iibigin tanging ang taong kanyang unang inibig lamang ang kanyang una at huli wala ng iba sa puso nito.

Ang akdang "An higugmaon ko nga bantay (Ang Minamahal kong Bantay)," pinapahiwatig sa kaniyang naisulat tungkol sa kanyang *pagmamahal* at pagiging *responsable* na ibinibigay sa alaga. Dahil itinuturing na niya itong katulad ng tao. Sa pahayag na ito makikita sa ikalawang talata ang nagpapakita ng nabanggit na pagpapahalagang moral.

Orihinal na Akda

Deri ko gin papabay-an nga gutumon ngan magin mabaho hiya.

Salin sa Filipino

Hindi ko hinahayaan na magutom at maging mabaho siya.

Nagpapakita rin ng *kagandahang asal* ang akda na ito dahil kahit bata pa lamang siya ay sa halip na maglaro ang atupagin ay tumutulong na siya sa pagtatanim sa kanyang tito.

Orihinal na Akda
Kun nagtatanum an akon tiyo, nabulig ako.

Salin sa Filipino
Kapag nagtatanim ang aking tito, tumutulong ako.

Ang panghuling akdang naisulat sa pagpapahalagang moral ay tungkol sa “An bata ngan an iya alaga (Ang Bata at ang Kanyang Alaga),” ito ay halos magkapareha ang pagpapahalagang moral na nakapaloob sa naunang akda na may pamagat na an Higugmaon Ko nga Alaga (Minamahal Kong Alaga) dahil nagpapakita ng *kagandahang-asal* na makikita sa unang talata na nasa ikaapat na pangungusap ang pahayag na:

Orihinal na Akda
Gin titimangno ngan gin mamayuyo ini nga hatag han iya nanay.

Salin sa Filipino
Inaalagaan at iniingatan niya ang ibinigay sa kanya ng kanyang ina.

Inaalagaan niya nang maayos ang kanyang alaga sa labis na *pagmamahal* at pagiging *responsable* sa kanilang mga alagang hayop.

Orihinal na Akda
Ugsa hiya sumulod ha iya eskwelahan ginkikita anay niya ha iya kwarto kun diin aadto an iya alaga nga misay, pag-ulpot liwat niya tikang eskwelahan gin kakadto dayon niya an iya alaga. Kasapit pa ini niya pagkakaturog.

Salin sa Filipino
Bago siya pumasok sa kanilang paaralan ay dumudungaw muna siya sa silid na pinag-iwanan niya sa kaniyang alagang pusa, pagdating naman niya galing eskwela pinupuntahan niya agad ang kanyang alaga Katabi pa niya itong matulog.

Sa unang talata, ang pahayag na ito makikita na halos magkatulad lamang ang nais iparating ng dalawang akdang naisulat. Parehong ipinapakita kung paano mag-alaga nang mabuti ang bata sa kanyang alagang hayop at sinisigurong nasa mabuting kalagayan ito. Katabi niya rin ito maging sa kanyang pagtulog, tinuturing niya itong parang isang tao dahil sa ito lamang ang kanyang nakakausap, nakakasama at nakakalaro. Makikita ang lubos na kalungkutan na naramdaman ng bata noong ito ay minsan nang nagkasakit at di kalaunan ay namatay dahil hindi nakayanan ang sakit na naramdaman ng kanyang alaga.

Sa kabuuan, makikita ang mas nangingibabaw na pagpapahalagang moral ay ang **pagmamahal** dahil sa lahat ng akdang naisulat ay makikita na halos lahat ng akda ay nakapaloob ang pagpapahalagang moral na ito. Makikita sa akdang “An Pamilya (Ang Pamilya),” “An paghihigugmaay ni Marcelo ngan Sasi (Ang Pagmamahalan nina Marcelo at Sasi),” “Tadhana (Tadhana),” “An Higugmaon nga Bantay (Ang Minamahal na Bantay),” “An Bantay ngan an Iya Alaga (Ang Bantay at ang Kanyang Alaga).” Ang sunod o ikalawa na nangingibabaw na pagpapahalagang moral ay halos magkapareho lamang ng resulta o kinalabasan sa pag-aaral dahil pareho na tatlong akda ang nakapaloob na pagpapahalagang moral na ito ang **Responsable** at **kagandahang-asal**. Ang panghuli na hindi gaanong nangibabaw ang pagpapahalagang moral ay **Pagmamalasakit, Maka-Diyos at Paninindigan**.

Talahanayan 3.3

Mga Pagpapahalagang Moral na Nakapaloob sa Halipot na Sinurat (Sanaysay)

MGA AKDA	PAGPAPAHALAGANG MORAL									
	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
An akon kag-anak Pambansang Wika; Filipino An kag-anak nga mahigigmaon ha anak Mga Puno Droga										
<i>Leyenda:</i>	1 – Pagmamalasakit	2 – Pagmamahal	3 – Maka-Diyos	4 – Paninindigan	5 – Makabayan					
	6 – Katapatan	7 – Makakalikasan	8 – Kagandahang-asal	9 – Responsable	10 – Makatao					

Sa Talahanayan 3.3 naman makikita ang mga Akdang Waray na Halipot na Sinurat o Sanaysay na sinuri at binigyang paliwanag batay sa resulta ng isinagawang pagsusuri ng mananaliksik.

Sa unang pamagat na pinamagatang “An akon kag-anak (Ang Aking Magulang)” ito ay tungkol sa isang

bata na labis ang pagmamahal sa kanyang mga magulang na kahit mahirap lamang sila ay sinusubukan parin ng kanyang magulang na maibigay lahat ang pangangailangan nito. Makikita ang pagpapahalagang moral na pagmamalasakit ng bata sa ginagawa ng kanyang mga magulang upang makapag-aral sila. Narito ang unang talata ng Halipot na Sinurat (Sanaysay) ang pahayag na nagpapakita ng **pagmamalasakit**:

Orihinal na Akda

An akon kag-anak na nagsasakripisyo na makatalwas kami ha pag-eskwela labi na ako kay karuyag nira na ha urhi mayda ako kabubuwason asya pag-uupayon ko an akon pag-skwela bisan la pobre ngan deri sakto an ginhahatag nira nga kwarta ha akon.

Salin sa Filipino

Ang aking magulang ay nagsasakripisyo para makapagtapos kami sa pag-aaral lalong-lalo na ako, dahil gusto nila na sa huli mayroon akong magandang kinabukasan. Kaya pagbubutihan ko ang aking pag-aaral kahit na mahirap at kulang ang ibinibigay nilang pera sa akin.

Ang pag-aaral ay upang maging maganda ang buhay ng bawat tao, maging masinop at matuto sa buhay hindi lamang ito para sa pamilya, ito ay para rin sa sariling kapakanan at sa kinabukasan na pinaghahandaan. Narito ang isa pang pagpapahalagang moral na **paninindigan** na nakapaloob sa sanaysay na mula sa unang talata:

Orihinal na Akda

Pagpupursigihan ko kay maaram ako nga para akon la gihap ini ngan asya it makakaupay ha akon.

Salin sa Filipino

Pagsisikapan ko dahil alam kong para rin sa akin ito at ito rin ang makakabuti para sa akin.

Isa sa magandang kaugalian ay ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili at pagpapahalaga na naging motibasyon na kayang gawain upang maging **responsable** sa gingawa. Tingnan ang isang pahayag na makikita sa unang talata ng Sanaysany ang tungkol sa pagiging responsible:

Orihinal na Akda

Maaram ako ha akon kalugaringon na maaabot ko ito kay matrabahuon ako ngan mailob ako sanglit panhihingkamuton ko ini.

Salin sa Filipino

Alam ko sa sarili ko na makakamit ko ito dahil masipag at matiyaga ako kaya't natitiyak kong kaya ko at kakayanin kong makamit ko ang pangarap ko.

Sa pagtanaw ng utang na loob ay kusang lumalabas sa puso at isipan kung saan hindi ito hinihingi at kusang ginagawa na mula sa unang talata ang pahayag na nagpapakita ng **kagandahang-asal**:

Orihinal na Akda

Makakabulig pa ako ha akon kag-anak ngan mababalos ko an tanan nga sakripisyo, suporta ngan paghigugma nga ira gin himo para ha akon ngan sugad man ha tawo nga nangingihinanglan hit akon bulig.

Salin sa Filipino

Makatutulong pa ako sa mga magulang ko, masusuklian ko lahat ng kanilang sakripisyo, suporta at pagmamahal na ibinigay at sa mga taong nangangailangan.

Maganda ang pagiging mapagmahal sa mga magulang, ang pagpapasalamat sa kanila ay isang kaugalian na nagpapakita na napalaki nang maayos ang kanilang anak. Isa pa sa mga pagpapahalagang moral na nakapaloob ay ang **Pagmamahal** na mula sa ikalawang talata:

Orihinal na Akda

Sanglit nagpapasalamat ako ha akon kag-anak kay tungod hira an naghatag hin makusog nga pamuruot-buot ngan para ha akon hira an kag-anak nga mahigugmaon, mahinumdumon ngan nagtututdo hin maupay nga pamatasan, pagmayuyo han Ginoo ngan labaw han tanan kaya nira himuon tanan para ha ira mga anak.

Salin sa Filipino

Kaya nagpapasalamat ako sa aking mga magulang dahil sila ang nagbibigay ng lakas ng loob sa akin, sila ang aking magulang na mapagmahal, maalalahanin, nagtuturo ng magagandang asal, maka- Diyos at higit sa lahat handang gawin ang lahat para sa kanilang mga anak.

Dito sa ikalawang akda na “Pambansang Wika” ay isang nagpapakita ng pagmamalasakit sa Wika na ginagamit ng mga Filipino, nais ng may akda na bigyang halaga ang sariling wika ng sa gayun ay mapayabong at patuloy na umunlad ang sariling pambansang wika. Makikita sa unang talata ang isang pahayag na nagpapakita ng **Pagmamalasakit** sa wika.

Orihinal na Akda

Maaram naman kita kun ano ka importante an yinaknan ha aton kinabuhi, ini gihap an nagdadala ha aton kinabubutangan ha aton kinabuhi, ngan maaram gihap kita na an aragian ha pagkaurusa han molopyo, kay kun waray

Salin sa Filipino

Alam naman natin kung gaano ka importante ang wika sa ating buhay. Ito rin ang nagdadala o magdadala sa ating kasalukuyang buhay, at alam din natin na ang wika ang daan sa pagkakaisa ng mamamayan. Dahil kung wala ang wika hindi

la yinaknan, deri kita magkakag-uroidindihay ngan pwedi gihap kita magkasaramok ngan mahingadto hit karautan.

tayo magkakaintindihan, maaari rin tayong magkagulo at mapahamak.

Walang ibang magmamahal sa wikang Filipino kundi ang mga Filipino, nararapat na pahalagahan, mahal in ang wikang Filipino. Bukod sa wikang Ingles ay mas magkakaintindihan ang mga Filipino sa kanilang sariling wika. Makikita ang pagiging **responsable** ng may akda sa kanyang isinulat sa pahayag na ito.

Orihinal na Akda

Asya gin aadman an Filipino para kita magkaurointindihay ngan para mas maadman naton an lain-lain nga yakan an mga halarom na yakan na deri naton mahibaruhan.

Salin sa Filipino

Kaya pinag-aaralan ang Filipino dahil para tayo ay magkaunawaan at para mas malaman natin ang iba't ibang salita gayundin ang malalim na salita na hindi natin maunawaan.

Pagkamakabayan at pagmamahal bilang isang Filipino na may pagmamalasakit sa bayan. Makikita ang isang pahayag na nasa ikaapat na talata ang pagpapahalagang moral na pagmamahal at pagkamakabayan.

Orihinal na Akda

Maaram man kita kun gaano ka importante an yinaknan ha aton kinabuhi, asya gihap ini it nagdadara ha aton ha maupay nga pakabuhi. Sanglit unta yana nga panahon gamiton naton ngan parabungon naton an aton kalugaringon nga yinaknan.

Salin sa Filipino

Alam naman nating kung gaano kahalaga ang wika sa ating buhay, ito rin ang nagdadala sa atin tungo sa isang mapayapang pamumuhay. Kaya't sana ngayong panahon gamitin natin at pagyamanin natin ang sariling wika.

Makikita sa unang talata ang pahayag na ito kung ano ang nais iparating ng may akda tungo sa mga mambabasa ang pagpapaalala na dapat gamitin, pahalagahan at pagyamanin ang sariling wika dahil walang ibang yayakap nito at may mag mamay-ari kundi ang mga Filipino.

Sa ikatlong akda na pinamagatang “An kag-anak na mahigugmaon ha Anak (Ang Magulang na Mapagmahal sa Anak)” ay nagpapakita ng pagiging responsable ng magulang na handang gawin ang lahat sa kabila ng paghihirap at kahirapan na dinaranas para sa kanilang mga anak. Pansinin ang mula sa unang talata na nagpapakita ng kagandahang-asal na **responsable**:

Orihinal na Akda

Ha ira mga kag-anak nga andam buhaton an tanan ha luyo han kakurian, dako nga problema na bisan san-o in deri mawawara ha kinabuhi han tao.

Salin sa Filipino

Ang mga magulang na handang gawin ang lahat sa kabila ng kahirapan kapalit ng kasiyahan ng kanilang anak. Kahirapan ang malaking problema na kailanma'y hindi mawawala sa buhay ng tao.

Ang sunod na pagpapahalagang moral na nakapaloob ay ang **pagmamalasakit** na hindi madali ang pagiging magulang dahil ito'y isang malaking responsibilidad at malaking obligasyon ang kakaharapin.

Orihinal na Akda

Usa nga problema an makuri sulbaron, an pagigin-usa nga kag-anak in deri masayon lugod ini usa nga responsibilidad ngan dako na obligasyon.

Salin sa Filipino

Isang problema na mahirap lutasin, ang pagiging isang magulang ay hindi madali bagkus, isa itong malaking responsibilidad at malaking malking obligasyon.

Ang sunod ay nagpapakita kung paano niya ipagmalaki ang kanyang Ina na labis ang **pagmamahal** at pagsasakripisyo sa kanilang mga anak matupad lamang ang mga pangarap na ibinibigay sa kanila sa kabila ng kahirapan na dinaranas ay kayang tiisin mabigyan lamang ng magandang buhay ang mga anak.

Orihinal na Akda

An mga kag-anak na nabilib ha ira mga anak, In karuyag makagtapos ngan maabot an mga hingyap han ira mga kag-anak ngan andam buhaton an tanan ha luyo han kakurian balyo an kalipayan han anak.

Salin sa Filipino

Ang mga magulang na saludo sa kanilang anak na gustong makapagtapos at maabot ang mga pangarap, mga magulang na handang gawin ang lahat sa kabila ng kahirapan kapalit ng kasiyahan ng kanilang anak.

Makikita mula sa unang talata ang pahayag na naglalarawan tungkol sa isang Ina na kung paano sila ipinagmalaki at walang ibang gusto kundi ang maabot ang kanilang mga pangarap sa buhay at handang gawin at tahakin ang lahat ng kahirapan maging masaya lamang at maabot ang kanilang mga pangarap.

Dito sa ikaapat na pamagat na “Mga Puno” ay Nagpapakita ng **Pagmamahal** at **Pagmamalasakit** sa kalikasan. Mula ikalawang talata, makikita ang pahayag na ito na nagpapaliwanag na kung “ano ang tinanim ay

siya rin ang aanihin” kaya dapat na pahalagahan at mahalín ng lubos ang kalikasan upang sa huli ay hindi ito pagsisihan.

Orihinal na Akda
Dire kita mangutod hin kakahuyan kay nakakaguba ini hin kabukiran bahala nala kita magkuri basta ayaw la maghimo hin maraot.

Salin sa Filipino
Huwag tayong mamutol ng mga kahoy dahil nakakasira ito sa kabukiran bahala na lamang tayo maghirap basta huwag lamang gumawa ng masama.

Makikita dito ang isa pa sa mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa akdang “Mga Puno” ang pagiging makalikasan dahil iniisip ng may-akda ang magiging kahihinatnan ng mga tao kung patuloy na gawin ang pagsira sa kagubatan. Sa ikalawang talata makikita ang patunay na nagpapahayag ng **pagkamakalikasan**.

Orihinal na Akda
Kun waray na mga kakahuyan tat bukid mabalik la gihap ha aton it aton hinimuan nga maraot sanglit mayuyuon ngan timangnuon naton hin maupay it aton kabugkiran.

Salin sa Filipino
Kung wala ng mga punong-kahoy ang ating kagubatan, sa atin pa rin ang balik nito, tayo parin ang maaapektuhan ng ating kagagawan, kaya dapat na mahalín at alagaan ang ating kagubatan.

Ang panghuling akda na pinamagatang “Droga” sa pahayag na ito mapapansin na karamihan sa mga taong may problema ay gumagamit ng bawal na gamot na animo’y makatutulong sa pagsalba ng problema kung gumamit nito. Ito ay nagpapakita lamang na hindi solusyon sa problema ang paggamit ng bawal na gamot o kahit na anong masasamang gawain o bagay. Ito ay pagpapalaki lamang di-umano ng problema sa tao, hindi ito nakatutulong bagkus nakadaragdang lamang ng problema. Makikita sa huling talata ng sanaysay na ito ang isang pahayag na pagiging **mapagmalasakit** at **mapagmahal** sa kapwa na nais iparating ang hindi magandang maidudulot ng droga.

Orihinal na Akda
Sanglit kinahanglan gud bisan kita mayda problema, kinahanglan nga aton ini solusyunan hin deri nagamit hin droga ngan bisan nga maraot nga butang kay pwedi kita malurong ha paggamit hini.

Salin sa Filipino
Kaya kahit may problema tayo, kailangan natin itong masulosyunan nang hindi gumagamit ng ipinaagbabawal na gamot o kahit na anong masama dahil pwedi tayong mabaliw sa paggamit nito.

Sa kabuuan makikita na ang nangibabaw na pagpapahalagang moral sa sanaysay ay ang **pagmamahal** sa kapwa, sa mga magulang at sa kalikasan. Napag-alaman na apat na akda ang mayroong pagpapahalagang moral na nakapaloob, ito ay ang mga sumusunod: “An Akon Kag-anak (Ang Aking Magulang),” “An Kag-anak nga Mahigugmaon ha Anak (Ang Magulang na Mapagmahal sa Anak),” “Mga puno,” at ang akdang “Droga.”

Ang sunod na nangibabaw na pagpapahalagang moral ay ang **pagmamalasakit** na makikita sa akdang “Pambansang wika: Filipino,” “An Kag-anak nga Mahigugmaon ha Anak (Ang Magulang na Mapagmahal sa Anak),” “Mga Puno” at ang akdang “Droga,” dito makikita ang pagpapahalagang moral na **responsable**.

Sa akdang “An Akon Kag-anak (Ang Aking Magulang),” “An Kag-anak nga Mahigugmaon ha Anak (Ang Magulang na Mapagmahal sa Anak),” “Mga puno,” “Droga” at ang akdang “Pambansang wika: Filipino” ay nakitaan lamang ng tig-iisang pagpapahalagang moral na **Paninindigan** at **kagandahang-asal**, samantala, sa akdang “An Akon Kag-anak (Ang Aking Magulang)” ay **Pagkamakabayan** na pagpapahalagang moral gayundin sa “Pambansang wika: Filipino.” Ang **pagkamakalikasan** naman ay nakita sa akdang “Mga puno.”

Talahanayan 3. 4

Buod ng mga Pagpapahalagang Moral na Nakapaloob sa mga Akdang Waray

MGA AKDA	PAGPAPAHALAGANG MORAL									
	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
Siday (Tula)	5	15	9	0	1	0	3	1	2	5
Halipot nga Istorya (Maikling Kuwento)	48	65	51	17	11	9	6	56	3	15
Halipot nga Sinurat (Sanaysay)	18	37	17	5	3	0	4	27	6	5
KABUUAN	71	117	77	22	15	9	13	84	11	25
RANGGO	4	1	3	6	7	10	9	2	8	5

Leyenda:

1 – Pagmamalasakit 2 – Pagmamahal 3 – Maka-Diyos 4 – Paninindigan 5 – Makabayan
6 – Katapatan 7 – Makakalikasan 8 – Kagandahang-asal 9 – Responsable 10 – Makatao

Sa Talahanayan 3.4, makikita ang buod ng mga Pagpapahalagang Moral na Nakapaloob sa mga Akdang Waray.

Batay sa isinagawang pagsuri ng mananaliksik at pag-*validate* ng mga guro sa Filipino, napag-alaman na nangingibabaw ang mga sumusunod na pagpapahalagang moral sa mga akdang isinulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na nakalap ng mananaliksik: **Pagmamahal** ang nangibabaw na uri ng pagpapahalagang moral na sinundan ng **Kagandahang-asal**, **Maka-Diyos**, at **Pagmamalasakit** na nakapaloob sa mga akdang Waray na naisulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Samar at Leyte. Patunay ito na ang mga akdang naisulat ng mga mag-aaral ay makabuluhan subalit nangangailangan ang mga mag-aaral na gabayan upang mahubog sa kanilang isipan ang iba pang pagpapahalagang moral.

4. Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral, inilalahad ng mananaliksik ang sumusunod na **konklusyon**.

- Hindi lahat ng paaralan ay mayroon mga akdang waray na naisulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7.
- Sariling gawa ang tseklist na ginamit sa pagsuri ng mga akdang waray na na-*validate* ng mga Filipino meyor at mga mag-aaral na guro na kumukuha ng Master of Arts in Teaching Filipino (MAT Filipino).
- **Pagmamahal**, **Kagandahang-asal**, **Maka-Diyos**, at **Pagmamalasakit** ang nangibabaw na pagpapahalagang moral ang nakapaloob sa mga akdang waray na naisulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

4.1 Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral inilalahad ng mananaliksik ang sumusunod na **rekomendasyon**:

- Hikayatin ang lahat ng mga paaralang pampubliko at pampribado na magsagawa ng taon-taong paligsahan sa pagsulat ng iba't ibang akdang Waray upang mapalago ang panitikang Waray na taglay ang iba't ibang pagpapahalagang moral.
- Himukin ang mga mag-aaral na manunulat na palalimin pang lalo ang kanilang mga susulating akda gaya ng pagsasaalang-alang ng iba't ibang Pagpapahalagang Moral.
- Bigyang-pokus ng mga batang manunulat ang iba pang karaniwang paksa na dapat ay nakapaloob sa mga akdang kanilang susulatin.
- Sa mga susunod na mananaliksik, muling magsagawa ng pananaliksik na gaya ng isinagawang pag-aaral upang patuloy na makilala at mabasa ng mga tao ang mga naisulat ng mga mag-aaral kahit na ito ay paligsahan lamang na isinagawa sa kanilang sariling paaralan.

5. Sanggunian

Baoc, V. (2014). Mahalagang Aral at Balyung Maikikintal mula sa Pagsusuri sa mga *Piling Maikling Kwento ni Rogelio R. Sicat*. Retrieved (February 28, 2018).

https://www.academia.edu/7614611/tsapter_1_ANG_SULIRANIN_AT_KAPALIGIRAN_NITO_PANI_MULA_NAKAPAGPAHABA

Bernales, R. A., Atienza, G. C., Talegon Jr., V. M., at Rovira, S. G. (2008). *Kritikal na Pagbasa at Lohikal na*

- Pagsulat tungo sa pananaliksik*. Malabon City: Mutya Publishing House.
- Cabelin, C. F. (2011). *Mga isyung moral sa mga maikling kuwentong nagkamit ng unang gantimpala ng carlos palanca sa dekada 80: Input sa pagbuo ng banghay aralin sa Filipino III*. Di-nalathalang tesis. Lungsod Tacloban, Leyte Normal University.
- Gonzales, L. P. (2018). *Pagtataya sa mga pagpapahalagang pangkatauhan na nakapaloob sa mga piling pelikulang filipinong indie at mainstream*. Di-nalathalang tesis. Lungsod Tacloban, Leyte Normal University.
- Kalatas, (2013). *Umpilan' hinggil sa panitikang Waray kasama sina Gracio at Bagulaya sa Mayo 17*. Retrieved mula sa <https://kalatasliteraryezine.wordpress.com/2013/05/01/umpilan-hinggil-sa-panitikang-waray-kasama-sina-gracio-at-bagulaya-sa-mayo-17/>
- Lacsamana, L. C., Binsol, Angelita A., at Laxina, T. F. (2003). *Filipino: Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon III*. Makati City: Diwa Scholastic Press Inc.
- Lora, B. (2008). Consorcia Z. *Palejaro's Cadena De Amor a critical analysis*. Eastern Visayas State University, Tacloban City.
- Ocampo, J. V., at Sadia, W. S. (2017). *Almario: Alay sa kabataan ang buwan ng panitikan ng Filipinas*. Retrived mula sa <http://varsitarian.net/filipino/20170402/almario-alay-sa-kabataan-ang-buwan-ng-panitikan-ng-filipinas>
- Rojas, V. Y. (2009). *Mga isyung gender and development sa mga dulang nagkamit ng gantimpalang calos palanca sa dekada 80: Input sa pagbuo ng mungkahing modelong banghay-aralin sa pagtuturo ng panitikan*. Di-nalathalang tesis. Lungsod Tacloban, Leyte Normal University.
- Santos, Tomas. (2013). *Di Wala ang Panitikang Waray*. <https://varsitarian.net/filipino20130611/di-wala-ang-panitikang-waray>

